



Australian Government
Australian Taxation Office



Mga kabawasan sa pagtatrabaho mula sa bahay

Kailan ka maaaring mag-claim ng mga gastos sa pagtatrabaho mula sa bahay

Upang mag-claim ng kabawasan para sa mga gastos sa pagtatrabaho mula sa bahay, kailangan mong:

- magtatrabaho mula sa bahay upang tuparin ang iyong mga tungkulin sa trabaho (hindi lamang maliliit na gawain, tulad ng pag-check ng email)
- magkaroon ng karagdagang gastusin bilang resulta ng pagtatrabaho mula sa bahay
- may mga talaan upang ipakita na nagtatrabaho ka mula sa bahay at natamo ang mga karagdagang gastos na ito.

Upang kalkulahan ang iyong kabawasan, maaari mong gamitin ang paraan ng fixed rate o ang paraan ng actual cost.

Paraan ng nakapirming rate

Ang fixed rate method ay nagbibigay-daan sa iyo na mag-claim ng nakatakdang rate para sa bawat oras na nagtatrabaho ka mula sa bahay. Sinasaklaw ng rate ang iyong mga gastos na mahirap hatiin, kabilang ang:

- kuryente at gas
- paggamit ng telepono at internet
- stationery
- computer consumables (tulad ng printer ink at papel).

✗ **Hindi ka maaaring mag-claim** ng isang hiwalay na kabawasan para sa mga gastos na ito sa iba pang bahagi iyong tax return.

✓ **Maaari mong i-claim** ang isang hiwalay na kabawasan para sa:

- pagbaba ng halaga ng mga asset na bumababa ang halaga (depreciating) na ginagamit habang nagtatrabaho mula sa bahay (tulad ng mga computer at kasangkapan sa opisina)
- pag-aayos at pagpapanatili ng mga bagay na ito
- paglilinis (kung mayroon kang hiwalay na opisina sa bahay).

Paraan ng aktwal na gastos

Ang actual cost method ay nagbibigay-daan sa iyo na i-claim ang aktwal na mga gastos na iyong natamo habang nagtatrabaho mula sa bahay.

Maaaring kabilang dito ang:

- kuryente at gas
- paggamit ng telepono at internet
- stationery
- mga nauubos sa computer (tulad ng tinta at papel ng printer)
- pagbaba ng halaga ng mga asset na bumababa ang halaga (depreciating) na ginagamit habang nagtatrabaho mula sa bahay (tulad ng mga computer at kasangkapan sa opisina)
- pag-aayos at pagpapanatili ng mga bagay na ito
- paglilinis (kung mayroon kang hiwalay na opisina sa bahay).

Checklist sa pag-iingat ng rekord

Paraan ng nakapirming rate

Upang mag-claim ng kabawasan sa pagtatrabaho mula sa bahay gamit ang fixed rate method, dapat mayroon kang:

- ☐ isang rekord na sumusubaybay sa lahat ng oras na nagtatrabaho ka mula sa bahay para sa buong taon (halimbawa, sa mga timesheet)
- ☐ katibayan ng mga gastos na saklaw ng fixed rate method na iyong natamo (halimbawa, kung ginagamit mo ang iyong telepono at kuryente kapag nagtatrabaho ka mula sa bahay, panatilihin ang isang bill para sa bawat isa sa mga gastos na ito).

Kung kukuha ka ng hiwalay na kabawasan para sa mga depreciating asset na ginagamit mo kapag nagtatrabaho mula sa bahay, kakailanganin mo rin ang mga talaan na nagpapakita ng:

- ☐ magkano ang halaga ng item
- ☐ kailan mo ito binili
- ☐ kung saan mo ito binili
- ☐ kailan mo sinimulang gamitin ang item para sa trabaho
- ☐ kung paano mo sinusubaybayan ang iyong trabaho kumpara sa pribadong paggamit
- ☐ kung aling paraan ang iyong pinili upang ayusin ang pagbaba sa halaga
- ☐ isang kopya ng '[effective life determination](#)' na iyong ginamit para kalkulahin ang pagbaba sa halaga ng item, o kung paano mo kinalkula ang 'effective life' (kung hindi mo ginagamit ang 'determination').

Paraan ng aktwal na gastos

Upang mag-claim ng kabawasan sa pagtatrabaho mula sa bahay gamit ang actual cost method, dapat mayroon kang:

- ☐ isang talaan na nagpapakita ng mga oras na nagtatrabaho ka mula sa bahay sa loob ng hindi bababa sa 4 na linggong panahon (na kumakatawan sa iyong karaniwang pattern ng trabaho)
- ☐ katibayan para sa bawat gastos na iyong inaangkin, tulad ng isang resibo, bill o invoice na nagpapakita ng:
- ☐ halaga ng gastos
- ☐ pangalan ng supplier
- ☐ uri o katangian ng mga kalakal o serbisyo
- ☐ petsa kung kailan natamo ang gastos
- ☐ petsa kung kailan ginawa ang dokumento
- ☐ isang talaan na nagpapakita kung paano mo nagawa ang halaga ng iyong kabawasan, kabilang ang trabaho laban sa pribadong bahagi ng bawat gastos.

Para sa mga asset na bumababa ang halaga na iyong ginagamit kapag nagtatrabaho mula sa bahay, kakailanganin mo rin ang mga talaan na nagpapakita ng:

- ☐ magkano ang halaga ng item
- ☐ kailan mo ito binili
- ☐ kung saan mo ito binili
- ☐ kailan mo sinimulang gamitin ang item para sa trabaho
- ☐ kung paano mo sinusubaybayan ang iyong trabaho kumpara sa pribadong paggamit
- ☐ kung aling paraan ang iyong pinili upang ayusin ang pagbaba sa halaga
- ☐ isang kopya ng '[effective life determination](#)' na iyong ginamit para kalkulahin ang pagbaba sa halaga ng item, o kung paano mo kinalkula ang 'effective life' (kung hindi mo ginagamit ang 'determination').

Ito ay isang pangkalahatang buod lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang ato.gov.au/home (sa Ingles) o makipag-usap sa isang [rehistradong propesyonal sa buwis](#)

Kung gusto mong makipag-usap sa amin sa ibang wika maliban sa Ingles, tumawag sa Translating and Interpreting Service (Serbisyo para sa Pagsalin at Pag-interpret sa Wika) sa **13 14 50**. Kung ikaw ay tumatawag mula sa ibang bansa, tumawag sa **+61 3 9268 8332**.

